## TANONG NG ESTADO NUM. 4

Pagamyenda sa Ordinansa ng *Konstitusyon ng Nevada* at *Konstitusyon ng Nevada*

Pinagsamang Resolusyon ng Asembliya Num. 10 ng ika 81 Sesyon

Dapat bang amyendahan ang Ordinansa ng *Konstitusyon ng Nevada* at ang *Konstitusyon ng Nevada* upang alisin ang wikang nagpapahintulot sa paggamit ng pagkaalipin at sapilitang paggawa bilang isang kriminal na parusa?

Oo .......... ❑

Hindi.......... ❑

## PALIWANAG & SUMARYO

**PALIWANAG—** Ang iminungkahing pagbabago na ito ay nag-aalis mula sa Ordinansa ng *Konstitusyon ng Nevada* at mula sa *Konstitusyon ng Nevada* ang wika na nagpapahintulot sa pagkaalipin o sapilitang paggawa bilang parusa para sa mga krimen. Ang “pang-aalipin,” ayon sa depinisyon ng Black’s Law Dictionary, ay isang sitwasyon kung saan ang isang tao ay mayroong ganap na kapangyarihan sa buhay, kayamanan, at kalayaan ng ibang tao. Para sa layunin ng isang pederal na batas na nagbabawal sa hindi boluntaryong paglilingkod bilang paraan ng pagpapatupad ng isang katulad na pagbabawal laban sa hindi boluntaryong paglilingkod sa Konstitusyon ng Estados Unidos, tinukoy ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang hindi boluntaryong paglilingkod bilang ang paggamit o banta ng pisikal na pagkakakulong o pisikal na pinsala, o pamimilit sa pamamagitan ng batas o legal na proseso ng batas, upang pilitin ang isang tao na magtrabaho. Estados Unidos laban kay Kozminski, 487 U.S. 931, 952 (1988)

Sa kasalukuyan, ang Artikulo I, Seksyon 17 ng Ordinansa ng *Konstitusyon ng Nevada* at ang *Konstitusyon ng Nevada* ay nagbabawal sa pagkaalipin at sapilitang paggawa, maliban na lamang bilang parusa para sa isang krimen na nahatulan ang isang tao. Ang pagbabago na ito ay nag-aalis ng pagbubukod na ito, na nagpapalinaw na ang pagkaalipin at sapilitang paggawa ay ipinagbabawal sa lahat ng pagkakataon.

**Ang isang “Oo” na boto ay magbabawal sa paggamit ng pagkaalipin at sapilitang paggawa bilang parusa para sa isang krimen.**

**Ang isang “Hindi” na boto ay magpapanatili sa kasalukuyang wika na nagbibigay ng pahintulot sa paggamit ng pagkaalipin o sapilitang paggawa bilang parusa para sa isang krimen.**

**SUMARYO—** Ayon sa orihinal na Ordinansa ng *Konstitusyon ng Nevada* at sa Konstitusyon ng Estado ng Nevada, ipinagbabawal ang pagkaalipin at sapilitang paggawa, maliban na lamang bilang parusa sa isang krimen. Ang resolusyong ito ay nagmumungkahi na amyendahan ang Ordinansa ng *Konstitusyon ng Nevada* at ang *Konstitusyon ng Nevada* upang alisin ang wika na nagbibigay pahintulot sa paggamit ng pagkaalipin at sapilitang paggawa bilang parusa sa krimen.

## ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Ang pagkaalipin at sapilitang paggawa ay hindi katanggap-tanggap sa moral at hindi dapat umiral sa anumang anyo, kahit sa ating sistema ng bilangguan. Ang ganitong uri ng parusa para sa krimen ay mayroong kasaysayan ng diskriminasyon at kakulangan ng paggalang sa mga pangunahing karapatang pantao at nagdulot ng hindi proporsyonal at nakasasakit na epekto. Hindi lamang ang Nevada ang nag-iisang estado na isinasaalang-alang ang pagbabagong ito. Sa mga nakaraang taon, pito sa 23 estado na pinahintulutan ang pagkaalipin o sapilitang paggawa bilang mga anyo ng parusang kriminal sa kanilang mga konstitusyon ng estado ay inalis ang ganitong wika. Sa pagboto para sa tanong na ito sa balota, ipinapahayag ng mga Taga-Nevada na hindi na namin tinatanggap ang mapanakit at lipas na sa panahon na anyo ng parusa sa aming pinakamahalagang legal na dokumento.

Sa ating sistema ng bilangguan, ang mga nagkasala ay mayroong pagkakataon na magboluntaryo para sa trabaho sa loob ng bilangguan, kumikita ng mga kredito sa trabaho na maaaring ipambawas sa kanilang mga sentensya o mga sahod na napupunta, bukod sa iba pang bagay, restitusyon, suporta sa anak, at mga bilihin na kantina. Ang pagbabagong ito ay hindi nilalayong makaapekto sa mga boluntaryong programa ng trabaho. Ang pagtanggal ng wika na nagbibigay pahintulot sa paggamit ng pagkaalipin o sapilitang paggawa bilang parusa sa krimen ay aalisin ang mga nakakasakit at mapang-insulto na salita sa ating Konstitusyon habang pinapayagan ang mga boluntaryong programa sa trabaho na magpatuloy.

Bumoto ng “Oo” sa Tanong 4 at wakasan ang pagkaalipin mula sa *Konstitusyon ng Nevada* nang tuluyan.

## ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Ang mga tagapagtaguyod ng Tanong 4 ay nais na maniwala ang mga botante na ang pagbabagong ito sa *Konstitusyon ng Nevada* ay hindi magkakaroon ng negatibong epekto sa sistema ng katarungang kriminal. Gayunpaman, ang tanong na ito sa balota ay maaaring magdulot ng hindi inaasahang mga epekto sa sistemang pangkriminal na mayroong kaugnayan sa mga kinakailangan sa trabaho sa bilangguan, serbisyo sa komunidad, at parol at probasyon.

Ang pagtanggal ng wika ay maaaring lumikha ng legal na kawalang-katiyakan sa Estado kaugnay sa kasalukuyang mga gawi sa trabaho ng mga nagkasala. Ang kawalang-katiyakan na dulot ng paglipas ng Tanong 4 ay maaaring makaapekto sa mga gawain sa bilangguan, tulad ng mga tagasulat, kusinero, operator ng boiler, at mga portero na nagbibigay ng pangunahing lakas-paggawa upang matugunan ang mga pangangailangan sa operasyon ng mga institusyon. Dagdag pa, ang mga nagkasala na kusang-loob na lumahok sa mga programa sa trabaho na nagbibigay ng kasanayan sa buhay, pagsasanay sa trabaho, at rehabilitasyon, at ang mga nagkasala na pumili ng serbisyo sa komunidad bilang alternatibo sa pagkakakulong ay maaaring mawalan ng mga pagkakataong ito.

Bumoto ng “Hindi” sa Tanong 4 laban sa hindi kinakailangang pagbabagong ito sa *Konstitusyon ng Nevada*.

## PISKAL NA TALA

### Epekto sa Pananalapi—Hindi Matutukoy

Ang mga probisyon ng Tanong 4 ay nag-aalis ng mga umiiral na probisyon sa Ordinansa ng *Konstitusyon ng Nevada* at Artikulo 1, Seksyon 17 ng *Konstitusyon ng Nevada* na nagpapahintulot sa pagkaalipin at sapilitang paggawa na gamitin bilang parusang kriminal. Kung ang tanong sa balota na ito ay aprubado ng mga botante, ang pagtanggal sa eksepsiyong ito ay maaaring mangailangan sa Estado at mga lokal na pamahalaan na baguhin ang mga batas, patakaran o pamamaraan na mayroong kaugnayan sa paggawa ng mga bilanggo, parol at probasyon, serbisyo sa komunidad at iba pang mga programa na maaaring mangailangan ng paggawa mula sa isang nagkasala bilang kondisyon ng kanyang parusa, kung mapapatunayan na ang mga umiiral na batas, patakaran o pamamaraan ay maaaring lumabag sa *Konstitusyon ng Nevada*.

Sa sukat na kinakailangan ang pagbabago ng anumang batas, patakaran o pamamaraan, maaaring magkaroon ng epekto sa pananalapi ang mga pagbabagong ito sa Estado o mga lokal na pamahalaan na gumagamit ng mga programang ito. Gayunpaman, dahil hindi alam kung anong mga pagbabago ang maaaring kailanganin, kung mayroon man, upang sumunod sa mga probisyon na ito, ni ang mga pagbabagong maaaring gawin ng Estado o ng lokal na pamahalaan, kung mayroon man, maaring mahulaan, hindi matutukoy ang magiging epekto nito sa Estado o mga lokal na pamahalaan nang mayroong makatwirang antas ng katiyakan.